# Huwag Mawalan ng Medi-Cal Coverage!





**Simula sa Abril 2023, panatilihing covered ka at ang inyong pamilya sa pamamagitan ng pagsagot at pagsusumite ng inyong Medi-Cal renewal packet.**

Noong Marso 2020, ipinatigil muna ang proseso ng Medi-Cal renewal, at pinanatili ang coverage ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal dahil sa kinakailangang patuloy na coverage sa Medi-Cal. **Matatapos na ang patuloy na coverage sa Marso 31, 2023.**

Ipagpapatuloy ng Alameda County Social Services Agency ang proseso ng Medi-Cal renewal simula sa Abril 2023. **Kung hindi ninyo sasagutan at isusumite ang inyong renewal packet, baka mawala sa inyo ang inyong Medi-Cal coverage simula sa Hulyo 1, 2023.** Kung wala kayong natanggap na Medi-Cal renewal packet o abiso na na-renew na ang inyong Medi-Cal, kumontak o bumisita gamit ang alinmang paraang nakalista sa likod.

Alameda County
**Social Services Agency**

Ipagpatuloy ang pagbasa para malaman ang higit pa ▶

## Ano ang dapat kong gawin?

Bilang benepisyaryo ng Medi-Cal, kailangan ninyong ireport ang alinmang pagbabago sa inyong contact information (halimbawa and address ng bahay at para sa mail, numero ng telepono, at email) sa Social Services Agency. Pagsigurado itong matatanggap ninyo ang mga form at abiso na ipinapadala sa inyo kaugnay ng inyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal.

Ipapadala sa inyo ang inyong renewal packet at kailangan ninyong isumite ito bago matapos ang buwan ng inyong renewal. Dapat na maireport sa inyong renewal ang alinmang pagbabago sa sitwasyon ng inyong sambahayan kagaya ng kita, pagbubuntis, o bagong miyembro ng sambahayan.

## Paano ko maisusumite ang aking Medi-Cal renewal?

**Kapag nasagutan na ninyo ang mga form sa inyong renewal packet, may ilang paraan ng pagsusumite nito.**

### Online

MyBenefits CalWIN
**mybenefitscalwin.org**

Alameda County Virtual Kiosk
**virtualkiosk.acgov.org/#/agency/welcome**

### Fax

**510-670-5095**

### Sa Sulat

Puwedeng ipadala sa sulat sa alinmang opisina ng Social Services Agency na nakalista sa kanan

### Harap-harapan

Pumunta sa alinman sa aming mga opisina na nakalista sa kanan

### Mga Lokasyon ng Opisina

**Eastmont Self-Sufficiency Center**
6955 Foothill Blvd.
Oakland, CA 94605

**Enterprise Self-Sufficiency Center**
8477 Enterprise Way
Oakland, CA 94621

**Gail Steele Multi-Service Center**
24100 Amador St.
Hayward, CA 94544

**North Oakland Self-Sufficiency Center**
2000 San Pablo Ave.
Oakland, CA 94612

**Livermore Self-Sufficiency Center**
2499 Constitution Dr.
Livermore, CA 94551

**Fremont Office**
39155 Liberty St., Ste. C330
Fremont, CA 94536

## Paano ako makakahingi ng tulong sa pagsagot at pagsusumite ng aking Medi-Cal Renewal?

Makakahingi kayo ng tulong sa pagsagot sa inyong renewal sa kawani ng Social Services Agency sa aming mga opisina. Bukod pa rito, ang mga organisasyong nakabase sa komunidad na nakalista sa **HealthyAC.org** ay mahihingian ng tulong sa pagsagot at pagsusumite ninyo ng inyong Medi-Cal renewal.